

Handa sa Lahat ng mga Panganib Sa pamamagitan ng ESP!



Nakahanda ba kayo upang maligtasan ang isang malakas na lindol, tsunami, sunog, baha, terorismo o ibang kalamidad?

Itong brochure ng Programa sa Pagkaligtas sa Emerhensiya (Emergency Survival Program, ESP) ay nagbibigay sa inyo ng madaling-sundin na listahan ng mga dapat tiyakin upang tulungan kayong gumawa ng mga paghahandang kailangan ninyo. Sa pamamagitan ng pagsunod sa ilang simpleng patnubay na ito, makakatulong kayo na ihanda ang inyong pamilya, kapitbahayan, negosyo o paaralan na maging mas may kakayahang suportahan ang sarili pagkatapos ng susunod na kalamidad.

Ang libheng impormasyon ay ibinibigay tungkol sa inirerekomendang buwanang mga aksyon sa taunang ESP Focus Sheets sa www.espfocus.org. Ang ibang espesyal edisyon na mga publikasyon ay makukuha rin.

Huwag hayaan ang susunod na pagyanig o kalamidad na abutan kayong hindi nakahanda! Sumali sa ESP at maghanda sa mga emerhensiya. Ang Programa sa Pagkaligtas sa Emerhensiya

Ang Kahandaan Ay ang Susi!



(ESP) ay isang kampanya para sa kamalayan na idinisenyo upang itaas ang kahandaan sa emerhensiya ng bahay, kapitbahayan, negosyo at paaralan.

Ang ESP ay binuo ng County ng Los Angeles noong 1989 at pinag-uugnay ng labinlimang county (Contra Costa, Imperial, Inyo, Kern, Los Angeles, Marin, Mono, Orange, Riverside, San Bernardino, San Diego, San Luis Obispo, Santa Barbara, Santa Cruz, at Ventura); ng Opisina mga Serbisyo sa Emerhensiya ng Gobernador; Southern California Edison; ng Southern California Earthquake Center; at ng American Red Cross.

Tawagan ang inyong lokal na Opisina ng mga Serbisyo sa Emerhensiya ng County upang malaman kung kayo magiging bahagi nitong mahalagang kampanya ng pagbibigay ng impormasyon sa publiko o bisitahin ang www.espfocus.org.



Ang dokumentong ito ay inihanda sa ilalim ng gawad mula sa FEMA's Grants Programs Directorate, U.S. Department of Homeland Security. Ang mga pananaw o opinyon na ipinahayag sa dokumentong ito ay mula sa mga awtor at hindi kumakatawan sa opisyal na posisyon o mga patakaran ng FEMA's Grant Programs Directorate of the U.S. Department of Homeland Security. (UASI 2007 grant)

TAGALOG

KAHANDAAN SA EMERHENSIYA MGA LISTAHAN NG DAPAT TIYAKIN

10 Mahahalagang Aytem



Para sa Inyong

- Plano sa Emerhensiya**
- Mga Suplay sa Emerhensiya**
- Paglikas**

Inilathala ng Opisina ng Pamamahala sa Emerhensiya ng County ng Los Angeles

www.espfocus.org

Plano sa Emerhensiya

Listahan ng Dapat Tiyakin

10 MAHAHALAGANG AKSYON

- Alamin ang mga banta sa inyong lugar
- Tukuyin ang mga lugar ng pagtatagpo
 - Labas ng inyong bahay
 - Labas ng inyong kapitbahayan
- Piliin ang inyong matatawagan sa labas ng estado
- Alamin ang inyong mga ruta ng paglikas
 - Mga labasan at panghaliling daan upang lumabas ng bahay
- Alamin ang kinalalagyan mga pansara ng utilidad
 - Tubig
 - Gas
 - Kuryente
- Alamin ang mga patakaran ng mga paaralan, mga senro ng pag-aalaga sa araw at pag-aalaga ng may sapat na gulang
 - Kanlungan/mga suplay sa emerhensiya
 - Transportasyon
- Kilalanin ang mga ligtas na lugar sa bawat silid upang magkubli, kung kailangan
 - Sa ilalim ng mga matitibay na mesa at desk
 - Sa tabi ng mga panloob na dingding
- Mga ekstrang gamot
- Gumawa ng mga espesyal na paghahanda para sa:
 - Mga Bata
 - Mga Nakatatanda
 - Mga Pet
 - Mga Taong May Kapansanan
 - Hindi Nagsasalita ng Ingles
- Magtakda ng mga taunang dril sa kalamidad

Suplay sa Emerhensiya

Listahan ng Dapat Tiyakin

10 MAHAHALAGANG SUPLAY

Kit ng Suplay sa Emerhensiya

- Tubig (tatlong linggong suplay—Tandaan ang mga pet)
- Pagkain (tatlong linggong suplay ng mga hindi nabubulok na pagkain at manwal na pambukas ng lata—tandaan ang mga pet)
- Kit ng unang pantulong at manwal
- Mga lente (at mga ekstrang baterya)
- Radyo (at mga ekstrang baterya)
- Mga gamot (hindi kailangan ng reseta, mga reseta, at listahan ng reseta)
- Cash at mga mahahalagang dokumento (maliliit na bill at mga barya, kasulatan ng bilihan, mga papel ng seguro, mga kard ng medikal, atbp.)
- Damit at mga matitibay na sapatos
- Mga kasangkapan (naiaakmang liyabe, pamatay ng apoy, matitibay na guwantes, pito)
- Mga suplay sa kalinisan at kalusugan



Tingnan ang www.espfocus.org para sa mas detalyadong impormasyon

Paglikas

Listahan ng Dapat Tiyakin

10 MAHAHALAGANG AYTEM

- Kit ng Suplay sa Emerhensiya
- Listahan ng Matatawagan sa Labas ng Estado
- Cash at mga Credit Card
- Mga Mahahalagang Dokumento
 - Kard ng Social Security
 - Lisensiya ng drayber
 - Pasaporte
 - Mga kard at rekord na medikal
 - Impormasyon sa seguro
- Pagpapalit ng Damit
 - Para sa bawat miyembro ng pamilya
- Mga Aytem sa Personal na Kalusugan
 - Sipilyo at toothpaste
 - Shampoo at sabon
 - Lotion
 - Deodorant
 - Kleenex at tisyu sa kasilyas
- Mga Retrato ng Pamilya
- Mga Aytem para sa Beybi
 - Mga Diaper
 - Pormula
 - Pagkain
 - Pagpapalit ng damit
- Mga Aytem sa mga Espesyal na Pangangailangan
 - Silyang may gulung, tungkod, at mga walker
 - Mga gamot
 - Mga pantulong sa pandinig (at mga ekstrang baterya)
- Mga Aytem sa Pangangalaga ng Pet
 - Pagkakakilanlan at mga Imyunisasyon
 - Pambuhat o kulungan
 - Busal at tali
 - Pagkain at tubig